## SA MATAAS NA PRESYO NG GULAY

# Backyard farming, gawing alternatibo – Joy B

Dahil sa pagtaas ng mga presyo ng pagkain sa merkado, hinikayat ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte ang mga taga-lungsod na magsimulang magkaroon ng sariling backyard farm sa kanilang tahanan sa tulong ng programang "urban farming".

"Vegetables and other food are getting more expensive, but we still want to promote organic and healthy eating through greens and fruits. So how do you make it sustainable? We want urban settlers to grow them within their backyard or near areas where they live," pahayag ni Belmonte .

Taong 2010 nang simulan ni Belmonte ang programang "Joy of Urban Farming" upang tulungan ang mga taga-QC na makapagtayo ng backyard farms tuloy makapagbigay ng dagdag na pagkukunan ng pagkain, lalo na ngayong mataas ang presyo ng mga gulay.

Sa ngayon ay may 166 urban farms ang nasa iba't ibang barangay sa QC at sa Quezon Memorial Circle, ang pangunahing sakahan ng lungsod.

"Even if you have a small space, we can develop it into a farm using, let's say, containers or vertical gardens. There are a lot of farming techniques that can be taught which are useful for urban settlers," paliwanag ni Belmonte.

Ayon kay Belmonte, kumikita ang mga "urban farmers" ng hanggang P400 kada araw mula sa pagbenta ng kanilang ani. *(Angie dela Cruz)*